**Anino ng Pagtubos**

*Synopsis:*

*Matagal nang magkaibigan si Alan at Migs. Pareho silang hitman at alaga ng mga politiko at kung sino pa mang may kakayahang magbayad. Sa pagkamatay ng pamangkin ng asawa ni Alan, magkakaroon siya ng mga pagdududa kung kaya niya bang ipagpatuloy ang kanilang trabaho, lalo na kung mga kamay niya ang kumikitil sa buhay ng tao. Mapag-uusapan ng magkaibigan, marahil sa huling pagkakataon, ang kanilang mga saloobin sa kanilang trabaho habang binabalikan ang ilang karanasan na nagtulak papunta sa kanilang kasalukuyang kalagayan.*

**Mga Tauhan**

**MIGS** - early thirties, lalake

**ALAN** - early thirties, lalake

**ANAK NI MIGS** - labindalawang taong gulang, lalake

**Panahon**

Disyembre 2024. Kasalukuyang administrasyon. Ordinaryong gabi, Bandang alas-diyes hanggang alas-onse, kaya halos wala nang dumadaan.

**Lunan**

Isang ordinaryong sari-sari store sa kalye sa Maynila.

*[Madilim ang entablado. Papailanlang ang kantang "Lord Patawad" ni Basilyo. Unti-unting maiilawan ang entablado. Tatlong plastic na upuan ang makikita sa harap ng lumang sari-sari store. Dalawa ang magkatabi at isang hiwalay na upuan ang nakapuwesto sa kabila. Malapit sa magkatabing upuan, may nakaparadang motor. Sa gitna, may mesa na natutuklap ang pintura. Sa harap ng tindahan, may bintanang may rehas na nagsisilbing tagpuan sa pagitan ng mga nasa loob at mga bumibili. Sa ibabaw ng bintana, may lumang plywood na nakasulat ang mga salitang "VICKY'S TAMBAYAN."]*

*[Nakaupo si Miguel (MIGS) sa isa sa dalawang magkatabing upuan, tulala habang pinaglalaruan ang isa sa dalawang shot glass, inuumpog-umpog ito sa lamesa na parang naiinip sa kahihintay. Biglang mapapansin niya ang kaunting galaw mula sa loob ng tindahan, kasabay ng paglakas ng tunog ng radyo. Agad siyang mapapatigil at mapapatingin sa direksyon ng tindahan, halatang nagulat. Sa parehong sandali, makikita rin niya si ALAN, kalmadong naglalakad papasok mula sa kaliwa ng entablado, suot ang kanyang helmet.*

*Habang naglalakad, tatanggalin ni ALAN ang helmet. Kakaway si MIGS, ngunit tatango lamang si ALAN bilang tugon. Sesenyas si MIGS sa loob ng tindahan, magsasabi na hinaan ang radyo. Unti-unting babalik ang katahimikan sa paligid.]*

**MIGS:** Uy repa, long time no see.

*[Ilalapag nito ang pinaglalaruang shot glass sa mesa. Titignan ang kararating na kaibigan na parang naghihintay ng paliwanag.]*

**ALAN:** Sorry. Trapik e. Di na nga ako halos makasingit sa sobrang siksikan ng mga sasakyan.

*[Sesenyas si MIGS na umupo siya. Uupo si ALAN sa katapat niya na upuan.  Ilalapag ang helmet sa ekstrang upuan.]*

**MIGS:** Inagahan mo dapat alis. Kung saan-saang eskinita na nga ako lumusot kanina, makabalik lang agad. Dumaan na nga ako sa Avenida, Raon, Sta. Cruz, at Escolta. Nadaan ako sa Delicious at bibili sana ng pancit kaya lang mahirap na kapag may nakakita pa sa plate number ng motor o kahit sa kulay ng helmet at jacket.

**MIGS:** Dami pa rin pa lang namimili at namamasyal ‘no. Magtataka ka na lang talaga kung bakit sinasabing mahirap tayong mga NoyPi e buhos-buhos ang gastos kapag Pasko. Saan ka nga ba galing?

*[Kukuhanin ni MIGS ang mga pinatabing alak sa tindahan. Ilalagay ang dalawang bote ng Alfonso sa lamesa. Bubuksan ang isa.]*

**ALAN:** May dinaanan pa kasi. Naglambing ang unico hijo ng pizza. Iyong paborito niya raw na creamy spinach.

*[saglit]*

**ALAN:** O kumusta? Ano atin?

**MIGS:** Di lang makatulog.

**ALAN:** Binabangungot? Hindi pa kasi itigil ang pagkain sa gabi. Alam na ngang high blood, sige pa rin sa pag-chibog.

**MIGS:** Mas malala pa ata.

**ALAN:** Ano? Cancer? Sa atay o sa baga? Ay alam ko na baka sa utak? Kakabisyo mo yan e.

**MIGS:** Tanga! Ngayon nga lang ako nag-aya ng inom di ba. Kailan ba noong huli kitang inaya e ikaw lang naman lagi kong kainuman.

**ALAN:** E ano nga? Palpak sa inutos ni bossing?

**MIGS:** Sapul! Mission accomplished naman pero iba to pare sa lahat ng natodas natin. Hindi mukhang adik. Di rin mukhang nagbebenta. Maayos ang damit. Mukhang malinis. May itusra pa nga parang ikaw.

**ALAN:** Ay bading na bading na naman.

**MIGS:** Jok-jok lang. Natatakot lang. Baka hatakin paa ko mamaya. Kaya nga kita pinapunta para kung hatakin man ako, edi dalawa tayong magka-jamming sa impyerno.

**MIGS:** Pre, sino yang katabi mo?

**ALAN:** Gago ka talaga! Dinamay mo pa ako.

**ALAN**: Ay! Ito ba 'yung kay Bong? Akala ko last month pa 'yon. Nabasa ko sa GC, eh.
**MIGS:** Hindi, tagal na 'yon. Nadispatsa na namin 'yung mokong. Kami ni Ronald ang assigned. Driver lang ulit ako.

**ALAN**: Bayad ang media? Parang wala pa akong naririnig kahit saan.

**MIGS:** Baka hindi pa nakikita 'yung bangkay. Bumaba si Ronald matapos niyang barilin e. Sinabi niya na mauna na raw ako at siya na ang bahala sa katawan. Hindi ko alam kung saan niya tinapon

o kung binenta. Tutal, siya naman ang bumaril kaya hindi ko rin alam kung may nakuha pang laman-loob.

**ALAN:** Bakit nga ulit pinatumba si Bong?

**MIGS**: Nangutang tapos nalulong sa scatter. Hindi binayaran kahit ilang beses nang naningil. Ang lakas pa ng loob sabihin na kahit kasuhan daw siya. Ayun, niligwak sa grupo. Sumunod na linggo, pinaligpit.

**MIGS**: Kaya mahirap magkamali rito, eh. Lalo na kung 'yung nasa taas ang makakabangga mo. Kahit tayo ang nagliligpit, baka isang araw, tayo na ang ipapaligpit.

**ALAN:** Parang ako…

**MIGS:** Hoy, pre! Katok ka naman *[kakatok ng tatlong beses si MIGS sa lamesa]*. Walang ganyanan, noh. Kahit kupal ka, hindi naman siguro. Asset ka e. Depende na lang kung may tumanggap ng offer.

**ALAN:** Inaalok nga ako doon sa ulo ng abogado. Iyong anak ng konsehal na kaaway ni bossing sa bilihan ng lupa sa Tondo.

**MIGS**: Parang si bossing nga nakabili. Pero bakit hindi mo pala tinanggap?

**ALAN:** Mahirap na high-profile masyado. At ang usapan, palamig muna sa resort nila bossing sa Batangas ng isang buwan kapag natimbwang.

**MIGS**: Sayang naman. Mukhang malaki-laki ‘yun. Sayang di ko nabalitaan.

*[saglit]*

**ALAN:** O magkano bayad sa iyo dito sa bago mong dinale?

**MIGS:** 25K. Basta sure deads.

**ALAN:** Laki a! Halos tf na nating dalawa ‘yan. Deads naman ba?

**MIGS:** Oo, kita kong bumagsak. Pagkahagis ko ng plakard na drug pusher, di na rin gumalaw. Di ko na tinaniman ng droga.

**MIGS:** Nasa bag ko pa nga rin ang pakete. Baka gusto mo? *[makikita ang pagtanggi ng kaibigan]*. Sige benta ko na lang, dagdag datung din to.

*[Sasalinan ni ALAN si MIGS sa baso.]*

**MIGS:** Aba, bakit ako lang iinom? Shot ka rin noh.

*[Hindi sasagot si ALAN. Nakatitig lang sa harap na parang may tinatanaw.]*

**MIGS:** Ay pare, kumusta ang inaanak ko?

**MIGS:** Anong pamasko ba gusto?

**ALAN:** Kahit ano pre, ikaw bahala.

**MIGS:** Kailan ka pa nahiya ah, parang others ah. Ano nga?

**ALAN:** Ikaw nga. Diskarte mo na.

**MIGS:** O sige ganito, pera na lang.

**ALAN:** Pera-pera na lang talaga ‘no.

**MIGS:** Ayos na ba 1k? Baka magtampo anak ko kapag mas malaki pang laruan binili ko kay inaanak. Para walang tampuhan, edi pera na lang tapos ikaw na bahala. Tutal naman baka ipang-check in niyo lang yan. Kilala kita pre. At puwede na sundan yang si inaanak. Try mo pare iyong rooms na may theme. Avengers pre! Mukhang mapapalaban ka eh.

**ALAN:** *[matatawa]* Kahit ano nga. Paulit-ulit naman.

**MIGS:** Parang gago talaga ‘to.

*[Iinom si MIGS. Makikipag-cheers kay ALAN pero hindi iinumin ang laman ng kanyang baso. Magsasalin ulit si MIGS sa kanyang baso.]*

**MIGS:** Pare, sa tingin mo may raket pa tayo sa susunod na taon?

**MIGS:** Chill daw muna sabi ni bossing e. Palamig muna.

**ALAN:** Mas malamig pa sa bangkay?

**MIGS:** Ha? E mukhang ikaw ang nilalamig dyan, pagkakapal-kapal pa ng jacket. Pre, wala ka sa Baguio a.

*[Matawa si ALAN pero hindi sasagot.]*

**MIGS:** Babalik muna siguro sa pagiging angkas. O baka food panda. Bahala na kung saan mas malaki offer.

**ALAN:** Ikaw bahala. Kung saan ka sasaya at makakatulog.

**MIGS:** Ay ako na naman bahala.

**ALAN:** Ikaw naman talaga lagi bahala. Di naman kita pipigilan, buhay mo yan e.

**MIGS:** Wow naman. Kailan ka pa naging pilosopo?

**MIGS:** Naalala ko ikaw nagpasok sa akin. Sabi mo, hinto ka na dyan sa pag-deliver ng pizza, ipag-drive na lang kita.

**ALAN:** At pumayag ka naman.

**MIGS:** Oo, salamat pre. Nakaraos kami kahit pandemya. Minsan sobra-sobra pa nga. Nabilhan ko nga ang anak ko ng cellphone para doon sa online classes nila. Humihirit pa nga ng kompyuter. Ay sabi ko, abusado na ata.

**MIGS:** Minsan nga naiisip ko, mas marami pang ulo yung pinasabog mo kesa sa na-deliver kong box ng pizza. Sobrang tumal, di na ako magtataka kung sarado na iyong tindahan na 'yun.

*[Tatayo si MIGS at lalapitan ang motor na ipinarada niya malapit sa tindahan.]*

**MIGS:** Pero siyempre, higit sa lahat, ito talaga ang favorite ko. Kung wala akong trabaho, baka naibenta ko na itong si Rhody. Ito ang una naming naipundar ni misis. Ipinangutang pa nga namin sa bumbay kasi kinulang kahit pagsama-samahin ang sinasahod namin at mga nakuhang regalo mula sa kasal.

*[Hahawak-hawakan niya ang manubela at brake ng motor.]*

**ALAN**: Talagang pinangalanan mo pa, ah. Galing ba sa idolo mo?

***MIGS:*** *[Tatango bago magsalita ulit.]* Ang bilis na nga madumihan. Kakalinis ko lang dito kaninang umaga. Pinaliguan ko pa naman itong si bebe Rhody ko, pero ang dungis-dungis na naman.

*[Hindi sasagot si Alan pero matatawa lang siya sa sinasabi ng kaibigan habang pinupunasan ni Migs gamit ang kanyang t-shirt ang harap at katawan ng motor.*

*Aayusin ni Migs ang pagkakaposisyon ng salamin.*

*Titingin siya sa kanyang repleksyon sa salamin bago ibalik ang tingin kay Alan.]*

**MIGS**: Kung lalaki siguro ang kita, baka palitan ko na rin si Rhody, pre. Ito rin kasi ang gamit sa paghahanapbuhay, kaya kailangan din mamuhunan. Hindi puwede iyong kinakalawang-kalawang na. Kaya kahit mahal na mahal ko itong si Rhody... *[titigil at mapapaisip]* kahit "mahal" lang pala kasi kay misis ang "mahal na mahal"... kailangan na rin siguro naming magpaalam sa isa't isa. May recommendation ka ba, pre?

**MIGS:** Ano ba ang bago sa Honda, Suzuki, Kawasaki, o kaya Yamaha? Iyong nasa 80 hanggang 100k lang sana. May ganun ba, pre? [*saglit*] Kung afford ko lang Vespa, eh.

*[saglit]*

**MIGS:** Naalala mo pa ba yung huling party natin, tangina? Pagdating natin doon, hiyang-hiya yung motor natin, pre. Kawasaki CT100 at Suzuki GD110—ano ‘yun? Kung nakakapagsalita lang siguro mga motor, baka sabihin nila, “Lumayo-layo kayo sa amin!”

**ALAN:** Mag-Mio ka na lang kasi.

**MIGS:** Tangina mo! Hindi naman ako mukhang tomboy, ah. Ikaw na lang kung gusto mo.

**MIGS:** Kahit naman kasi magkapera, hirap palitan nitong si Rhody, eh. Nagsimula at natapos nga ang pandemya na kasama ko ito.

**ALAN:** Ayun naman pala, e. Bakit nagtatanong ka pa?

**MIGS:** Mahalaga kasi ang pagbabago. Alam mo 'yun, bagong mukha. Change is coming! Pero ayun nga, iba pa rin itong beybi natin.

**ALAN:** Natin?

**MIGS:** Oo! Beybi, o. Itinatanggi ka ni Papa mo. Niligtas ka kaya nitong beybi natin. Naalala mo noong unang ops natin? Tinamaan mo nga, pero hindi natuluyan e. Habang naglalagay ka ng bala, ang gago, nakadukot pa ng baril. Buti nakita ko sa side mirror, biglang atras ako e. Ginulungan ko na lang.

**ALAN:** A… mga panahon na gumagamit pa ako ng silencer.

**MIGS:** Omsim, pre. Tapos sabi mo, parang di naman kailangan. Sanay na sanay naman na ang mga tao sa tunog ng baril. Yung iba, kunwari walang narinig. Ayaw madamay kung sakali. Ang ending, narinig man ng mga marites at manginginom, hihintayin na lang na iba muna ang makakita. Mas malala pa kung pupuntahan ng mga tanod isang oras pagkatapos, para sigurado nang nakaalis na tayo.

*[Tatahamik. Babalik si Migs sa pagkakaupo. Titignan ang shot glass at iinom kaunti.]*

**ALAN:** Pre, naisip mo na ba minsan… kung ano'ng mangyayari sa mga naiwan?

**MIGS:** Naiwan? Sinong naiwan?

**ALAN:** ‘Yung naiwan ng tinumba natin.

**MIGS:** Aba, ikaw a! Bigla ka na namang nag-e-emo. Walang drama-drama rito, pare. Bayad na tayo. Tapos na.

**ALAN:** Hindi ‘yun ang tanong ko.

**MIGS:** Eh ano nga?

**ALAN:** Kung maaalala kaya tayo ng mga anak at asawa nila… bilang tao.

**MIGS:** Tao? Pare, trabaho lang ‘to. Ang importante, buhay ang mga anak natin.

**ALAN:** Trabaho lang.

**MIGS:** Oo nga! Trabaho lang! Kaya cheers tayo diyan.

*[Mapapansin niyang di siya sinabayan ng kaibigan sa pag-inom.]*

**MIGS:** Aba healthy living ah.

**MIGS:** Di na umiinom?

**ALAN:** Bawas-bawas din. Baka bigla akong bumulagta kakainom. Mahirap na, magpapaaral pa ako ng anak sa hayskul.

**MIGS:** Ay! Iba ka na talaga parekoy.

**MIGS:** Sige isa lang. Basta shot puno a.

*[Wala pa ring imik si ALAN. Makikipag-cheers pero di pa rin iinom.*

*Magsasalin ulit si MIGS sa kanyang shot glass.]*

**MIGS:** Maiba ako, kumusta si misis?

**ALAN:** Ayos naman.

**MIGS:** Di ka na inaaway?

**ALAN:** Inaaway. Minsan.

**MIGS:** Malay ba natin na pamangkin niyang adik ang ipapatumba. Ang hina mo naman kasi kay bossing. Di man lang tayo inabisuhan na kamag-anak na pala ni Misis mo iyong kasama sa watch list.

**MIGS:** Akala kasi, porket nagpalit na ng administrasyon, puwede nang bumalik sa dating gawi. Sabi nga ni bossing, tuloy ang operasyon. Medyo lowkey nga lang ngayon para di halata. Same quota system pa rin daw sa kanila. Basta umabot, sure incentives. Effective naman ata. Di napag-uusapan eh. Maliban doon sa isang grupo.

**ALAN**: Grupo?

**MIGS:** Basta taga-UP eh. Third country ba 'yun o third state ata? Basta may third. Tangina, di ko mabanggit. May gustong patumba si boss doon eh. Masyado pa rin daw nag-iingay. Biruin mo ba naman, daig pa misis natin. Todo record kung ilan namatay bawat linggo. Mapapa-what-the-fuck ka na lang talaga eh.

**ALAN:** Baka third world?

**MIGS:** Hay naku, pare, basta alam mo na iyon. Ikaw, mahilig magbasa-basa sa atin. Kaya lodi kita eh. Dami-daming alam. Pero pinakagusto ko pa rin 'yung kuwento mo na malapit na raw mamatay ang tao kapag may nakitang kamukha na halos kakambal niya na. Ano ulit tawag mo roon? Dope…, doble…, dopple…

**ALAN**: Doppelgänger, pre. Ikaw nga, dop-pel-gä-nger.

**MIGS**: Ay, gago 'to oh! Binabata-bata pa ako. Pero napa-what-the-fuck ako doon, pre. Minsan, nakakita raw si misis ng kamukha niya sa bahay eh. Bigla rin naman daw nawala. Kinabahan ako, repa. Akala ko magiging single father na ako. Ngayon ba, si Alan ba talaga 'tong kausap ko? Baka doppelgänger mo 'to pre ah.

*[Tititigan niya nang mabuti si ALAN. Susubukan niyang hawakan at kamay ang braso nito pero iiwas si ALAN. Kukuhanin ang cellphone sa bulsa at bubuksan ang flashlight. Itatapat ang ilaw sa mata ni ALAN na para bang tinitignan ng doktor ang mata nito.]*

**MIGS:** Tutal usapang misis naman na tayo, ano kayang magandang iregalo kay kumare?

**MIGS:** Plantsa? Rice cooker? Washing machine?

**ALAN:** Asensado ka na a. Dati hand wash lang sa Watson binibigay mo. May pa-aapliance showcase ka na ngayon. Hindi na ako magtataka kung may pa-jacket ka pa Kuya Migs.

**MIGS:** 25K eh, one-night show lang.

**MIGS:** Learn from the best nga raw di ba.

*[Tatayo si MIGS. Aasintahin ang ulo ni ALAN.]*

**MIGS:** Ganito ba pre? Paano ulit iyong pose mo ng one-hand shot. Parang iyong sa Olympics lang. Bang-bang!

*[Babalik sa pagkakaupo si MIGS]*

**ALAN:** Dami mo nang alam a. Baka ikaw isunuod niyan. Ingat ka.

**MIGS:** Subukan lang nila. Hindi naman marunong bumaril ang mga yan. Kunwari makikita mo pa sa mga shooting range pero limang putok bago may tumamang isa sa target. Naalala mo iyong isang politikong nag-imbita kay Bossing dati. "Isang bala" ang name ng event pero si gago, nakakailang putok na pero puro daplis lang lahat. Malay ko na lang talaga sa batang 'yan. Tumakbo-takbo pa sa politika e pinag-aral na nga sa ibang bansa ng buwis ng bayan. Hirap na hirap naman mag-tagalog ang gago. Bubuo lang din ng dinastiya mga 'yan eh.

**ALAN**: Malabo nga raw kasi ang mata.

**MIGS:** Omsim pre. Kaya nga di nakikita tunay na kalagayan ng mga mahihirap e. May panahon pa ang hayup sa praktis-praktis. Sila dapat ipinapadala sa West Philippine Sea. Tutal naman mahilig siya d'yan sa defense-defense na yan kahit di naman militar.

*[Tutunog ang cellphone ni MIGS. Ilalabas ang cellpone at mababasa ang pamilyar na pangalan. Tumatawag ang misis niya.]*

**MIGS***: [Titingin kay ALAN]* Wait lang, pre. Si General tumatawag.

*[Sasagot si MIGS sa tawag. Sa kabilang linya, maririnig ang litanya ng kanyang asawa, pero hindi malinaw ang mga salita.]*

**MIGS**: Nasa kabilang kalye lang kami ni Alan*. [Sandaling makikinig]* Hindi na nga ako kakain ng hapunan, okay?

**MIGS**: Picture? Tang ina naman. Si Alan nga kasama ko! *[Makikinig ulit]* O, sige na. Saglit lang.

*[Kukuhanan ni MIGS ng litrato si ALAN gamit ang cellphone. Napapailing si ALAN habang tumatawa nang mahina.]*

**MIGS**: *[Habang kinukunan ng litrato si ALAN]* Ayan, ayan, smile ka, pre. *[Ipapadala ni MIGS ang litrato at maghihintay.]*

**MIGS**: O, ano? Naniniwala ka na? Tamang hinala ka talaga e. *[Makikinig, habang lumalalim ang iritasyon]* Gago! Sinungaling? Bulag ka ba? Kita mo na nga sa picture, kasama ko si Alan. Kita pa yung dalawang shot glass, oh!

**MIGS**: *[Mabigat ang buntong-hininga]* Bahala ka na nga. Tulog mo na lang 'yan.

*[Ibababa ni MIGS ang tawag***.** *Marahang itatago ang cellphone sa bulsa at babalik sa pagkakaupo. Tatahimik saglit habang iniinom ang laman ng shot glass.*

*Magsasalin ulit si MIGS pagkaubos ng iniinom.]*

**ALAN**: *[Nakangisi]* General pala, ha?

**ALAN:** Speaking of superior... balita ko, dikit kayo ni Cong. Regidor ah.

**MIGS:** Oo, pare. Sabi niya nga, next year eleksyon. Baka need daw niya ng driver.

**ALAN:** Driver? Kulang pa ba? E halos lahat ng kotse niya, may karelyebo pa nga.

**MIGS:** Hindi basta driver, pare. ‘Yung pang-riding-in-tandem. Iyong marunong sumuot sa eskinita at kayang humatak ng gatilyo kung sakaling mabulilyaso ang plano.

**ALAN:** A... so siya na pala ang bago mong bossing.

**MIGS:** *[Buntong-hininga, may halong biro]* Ay sus! Di pa rin ba kayo bati?

**MIGS:** Dalawin mo na kasi sa bahay. Dalhan mo ng Blue Label. Favorite niya ‘yun. Sabi niya, iba daw ang hagod, at mahimbing pa ang tulog pagkatapos.

**ALAN:** Close na kayo?

**MIGS**: Medyo. Arte nga ng mokong na ‘yon. Ayaw ng Black Label. Katulong at driver lang daw umiinom nun. Eh magkano rin bili ko dun noong birthday niya.

**ALAN:** Siya ba ang nag-utos sa iyo?

*[Hindi sasagot si MIGS. Iinom lang siya.]*

**MIGS**: *[Itataas ang baso]* Cheers, pare!

*[Hindi kikilos si ALAN.  Di makikipag-cheers. Kita sa mukha ang bigat ng iniisip, parang may gustong sabihin.]*

**ALAN:** Hindi mo ba naisip tumigil? Bakit kailangang kay Cong. Regidor pa?

**MIGS:** *[Bahagyang iritasyon]* Anong trabaho ba naman ang alam ko? At bakit ako titigil? Alan, kung may alitan kayo ni Cong, wag mo na akong idamay. Ikaw lang naman itong magaling na nakipagpustahan sa kanya sa firing range. Malalaman ko bang di marunong bumaril 'yun kung di ko nakita sa laban niyo.

**ALAN:** Wala akong pakialam kung napahiya siya. Pero huminto ako Migs noong sinabi sa akin ni Bossing na si Cong ang nagpalagay ng pangalan ng pamangkin ng misis ko sa listahan.

**MIGS:** Ano'ng ibig mong sabihin?

**ALAN:** Nagkataon lang na kinulang ng pera si Bossing kaya pinatrabaho kahit may duda na siya. Ang bata, hindi raw nakabayad sa pustahan sa sabungan. Ilang beses pinuntahan, pero puro walang pera ang sagot.

**MIGS:** E ano ngayon?

**ALAN:** Napag-alaman ko, nagsusugal lang siya para may maipang-tuition. Hindi adik 'yung bata, Migs. Ni hindi nga naninigarilyo.

**MIGS:** Adik o sugalero, pare-pareho lang 'yan. Salot pa rin sa lipunan. Ikaw nagturo sa akin na hindi kailangang i-background check pa ang itutumba. Basta makita mo, bira agad.

**ALAN:** Di mo kasi maiintindihan, Migs, kapag mga kamay mo na ang gumawa. Ilan na ba ang napatay mo, ha? Driver lang naman kita, di ba? Manubela lang ang hawak mo.

**ALAN:** Halos mabaliw ako, Migs. May mga pagkakataong walang ginagawa ang anak at misis ko, pero sa sobrang halang na ng bituka natin, naiisip ko na barilin o saksakin din sila. Kahit iyong mga kaklase na kasabayan lumabas ng gate ng anak ko. Inosente pero halos sakalin ko na sila sa isip ko. Wala akong peace of mind, Migs.

*[Tahimik. Iiwas ng tingin si MIGS.]*

**ALAN:** Gusto ko na magbagong buhay. Gusto kong umuwi sa pamilya ko nang hindi ako binabagabag ng kung anong demonyo o multo.

**MIGS:** Wag mo na akong idamay, pre. Kung gusto mong magpakatanga, ikaw na lang. Magkikita rin naman tayo sa impyerno.

**ALAN**: *[Mapait ang ngiti, ngunit puno ng hinanakit]* Bakit, Migs? Tuluyan mo na bang sinanla ang kaluluwa mo kay Satanas? Para kang aso na kahit sino'ng hudas na maghagis ng buto, susunod ka lang, basta malaki ang bayad. Kaya mo ba ako tirahin dito at ngayon kung utusan ka?

*[Tumahimik si ALAN. Tumitig kay MIGS nang ilang segundo bago ibinaba ang tingin.]*

**ALAN:** *[Mahina, halos bulong]* Una na ako kung wala ka ng sasabihin.

**ALAN:** Tutal hindi mo rin naman balak aminin mga ginawa mo at handa mong gawin.

*[Bago pa makatayo, maririnig ni ALAN si MIGS.]*

**MIGS:** Pre, dalhan mo ako ng paborito kong bituka at dugo ‘pag uminom tayo sa Pasko. Gusto mo sama dito na kayo mag-noche buena.

**MIGS:** Sabay mo na rin ‘yung regalo ko kay inaanak at kumare.

**ALAN:** Ulo, ayaw mo?

**MIGS:** Naku po, pang-paatake ‘yun!

**ALAN:** *[Bahagyang asar]* Atake de pataranta.

**MIGS:** Oo, pre. Omsim!

**MIGS:** Shot, pre!

*[Itataas ni MIGS ang baso para makipag-cheers. Hindi niya mapapansin kung nakipag-cheers nga ba si ALAN dahil tumayo na ito. Puno pa rin ang baso ni ALAN, hindi nagalaw. Tahimik itong maglalakad palabas.]*

*[Habang nakaupo, maririnig ni MIGS ang balita sa radyo:]*

**RADYO:** Isang di pa nakikilalang katawan ang natagpuang patay malapit sa Pritil, Tondo. Ayon sa ulat, maaaring ilang oras pa lang ang lumipas nang barilin ang lalaki. May plakard na nakasulat na "DRUG PUSHER" na nakasabit sa katawan, at isang kahon mula sa isang popular na tatak ng Pizza ang nakita sa crime scene.

*[Mapapabuntong-hininga si MIGS habang hawak ang shot glass.]*

**MIGS:** *[Pabulong]* Pre, last na ata natin 'to.

**MIGS:** *[Nanginginig ang kamay, pinagmamasdan ang baso]* Ang tao, Alan, laging may presyo. Ang tanong lang, kailan mo malalaman kung magkano ka? Kasi ikaw… parang hindi mo alam. Ang taas ng tingin mo sa sarili mo, akala mo hindi ka nabibili, hindi ka matutumba. Pero kita mo? Hindi naman mahal ang buhay mo—isang bala lang ang katapat.

*[Napapahinga nang malalim, pilit na tumatawa pero basag]* Sabi nila, ang impyerno hindi lang isang lugar, desisyon din siya. Pinili ko 'to, Alan. Pero ikaw? Hindi mo ba naisip na pinili mo ring mamatay? Hindi dahil matapang ka, kundi dahil masyado mong inisip na may ibang daan pa. Pero wala, pre. Ang mga tulad natin, hindi basta nakakawala. Alam mo 'yan.

*[Pumipikit, pilit pinipigilan ang pagluha]* Alam mo bang mas madaling pumatay kaysa kalimutan ang pinatay mo? Sabi ko noon, wala akong konsensya. Pero putangina, kung wala nga, bakit ang bigat? Bakit ang ingay ng katahimikan? Bakit kahit lasing na lasing na ako, hindi ka pa rin nawawala sa isip ko?

*[Maririnig ang boses ng anak ni MIGS, papasok mula sa kanan ng teatro.]*

**ANAK NI MIGS:** Pa, baon ko. Pasok na po ako.

*[Mabilis na naputol ang iniisip ni MIGS. Napalunok siya, agad pinunasan ang luha bago lumingon sa anak na papalapit. Sandali siyang natigilan, parang ngayon lang napansin kung gaano na ito kalaki.]*

*[Bahagya siyang huminga nang malalim, binitbit ang helmet sa katabing upuan, saka marahang dinukot ang isandaan mula sa bulsa at iniabot sa bata. Magmamano ito sa kanya.]*

**MIGS:** Mag-iingat ka, ha. Anong oras ang uwi mo?

*[Mapapansin ni MIGS na hindi siya naririnig. Makikitang naka-earphone ang anak. Sesenyas siya na tanggalin nito ang earphone.]*

*[Tatanggalin ng anak ang earphone mula sa isang tenga.]*

**MIGS:** Wag kang magpapagabi. Delikado sa labas ngayon.

*[Tatango ang anak ni MIGS. Habang palabas ang bata, papailanlang mula sa earphones nito ang kantang "Lord, Patawad" ni Basilyo. Tahimik na maglalakad ang mag-ama sa magkabilang direksyon.]*

**TELON**